# 5 FACT TUNGKOL SA TIGDAS

## FACT 1: ANG TIGDAS AY ISANG NAKAKAHAWANG SAKIT NA DULOT NG VIRUS

Kumakalat ang tigdas sa hangin sa pamamagitan ng **pag-ubo o pagbahing** ng isang taong may sakit. Maaaring manatili ang virus sa hangin nang hanggang 2 oras kahit umalis na ang taong may tigdas sa naturang lugar.

Tinatayang **9 sa bawat 10** tao na malalapit sa isang maysakit ay mahahawa ng tigdas kung sila ay **hindi** immune.

## FACT 2: MAAARING MAGDULOT NG MALUBHANG KOMPLIKASYON ANG TIGDAS

Maaaring maging **mapanganib** ang tigdas, lalo na para sa mga **sanggol at bata**.

1 sa 5 taong nagkaroon ng tigdas ay **maho-hospital**.

Maaaring magdulot ang tigdas ng **pneumonia** (isang malubhang impeksyon sa baga), pinsala sa utak, pagkabingi, at pagkamatay.

**Encephalitis.** 1 sa bawat 1,000 bata na magkakaroon ng tigdas ay magkakaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak). Maaari itong magdulot sa bata ng pagkabingi o pagkakaroon ng intellectual disability.

**Pagkamatay.** Tinatayang 1 hanggang 3 sa bawat 1,000 bata na mahahawahan ng tigdas ang mamamatay dahil sa mga respiratory at neurologic na komplikasyon.

## FACT 3: MGA SINTOMAS NG TIGDAS

- **Mataas na lagnat**
- **Ubo**
- **Runny nose**
- **Pamumula at/o pagluluha ng mata**
- **Rash (Pamamantal)**

## FACT 4: ANG PINAKAMAGANDANG PROTEKSYON AY BAKUNA

- Ang pinakamagandang proteksyon laban sa tigdas ay ang **MMR (measles-mumps-rubella) vaccine.**
- Ang **dalawang dosis** nng MMR vaccine ay **97%** na epektibo sa pag-iwas sa impeksyon ng tigdas.

Inirerekomendang makatanggap ang mga bata ng **2 dosis** ng MMR vaccine:

- **Unang dosis** sa edad **12 hanggang 15 buwan**
- **Pangalawang dosis** sa edad **4 hanggang 6 na taon** (bago pumasok)

## FACT 5: HABAMBUHAY ANG PROTEKSYON NG MMR VACCINE

Karamihan sa mga nabakunahan ng MMR vaccine ay magkakaroon ng **proteksyon habambuhay**.

Ang pagbabakuna ay nakatutulong sa **pagprotekta sa iyong komunidad** sa pamamagitan ng pagpigil sa pagkalat ng mga outbreak.

Upang malaman ang **MMR vaccine status** ng iyong anak, bisitahin ang https://www.vdh.virginia.gov/immunization/request-immunization-record/

Kung kailangan mo ng tulong sa **paghahanap ng bakuna** para sa iyong anak, bisitahin ang: https://www.vdh.virginia.gov/immunization/provider-locator/

Para **matuto nang higit pa** tungkol sa tigdas, bisitahin ang: vdh.virginia.gov/measles

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH